DATE : AUGUST 20, 2019

TO : PARENTS / GUARDIANS OF GRADE 7 TO 10

FROM : FRANCES REA R. GAZA
Principal, Junior High School Department

SUBJECT : PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA 2019
"BANHAW: KULTURANG PILIPINO, PASIGLAHIN AT PAYABUNGIN"

---

Isang mapagpalang araw sa bawat isa!

Bilang pakikiisa sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika, ang Junior High School Department (JHS) ay magsasagawa ng ilang mga gawain kasama ang mga mag-aaral at mga kawani nito sa Martes hanggang Huwebes, Agosto 27-29, 2019.

Ang pagdiriwang na pinamagatang "Banhaw: Kulturang Pilipino, Pasiglahin at Pagyabungin" ay naglalayon na:

1. Lubos na makilala ng mga mag-aaral ang kulturang Pilipino sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga palaro, pagtangkilik sa mga pagkaing Pilipino, at pagsusuot ng kasuotang Pilipino,
2. Mapahalagahan ng mga mag-aaral ang pagiging natatangi ng Kulturang Pilipino, at
3. Maipagmalaki ng mga mag-aaral ang iba't ibang aspeto ng kulturang Pilipino.

| Petsa | MARTES<br>AGOSTO 27, 2019 | MIYERKULES<br>AGOSTO 28, 2019 | HUWEBES<br>AGOSTO 29, 2019 |
|---|---|---|---|
| Gawain, Oras, at Lugar | 1) Mga larong Patintero at Sungka - 4:00-5:15 PM; Community Hall | 1) Pagtitinda ng mga ika-9 at ika-10 antas ng mga pagkaing Pilipino - oras ng recess, lunch, at dismissal hanggang 4:30 PM; labas ng silid aralan<br>2) Mga larong Giyera Patani at Sipa - 4:00 - 5:15 PM; Community Hall | 1) Pagsusuot ng kasuotang Pilipino ng mga mag-aaral at kawani ng JHS - buong araw<br>2) Pagtitinda ng mga ika-9 at ika-10 antas ng mga pagkaing Pilipino - oras ng recess, lunch, at dismissal hanggang 4:30 PM; labas ng silid aralan |

Bahagi ng kikitain sa pagtitinda ng mga mag-aaral sa mga kapwa mag-aaral at kawani ng pagkaing Pilipino ay ibibigay para sa 4th Street Building Project.



25 Doña Hemady Ave., cor. 3rd St., New Manila, Quezon City, 1112 · Tel.: 724-8550
·1603–1607 E. Rodriguez Sr. Ave., Cubao, Quezon City, 1109 · Tel.: 724 – 0143 · http://www.jca.edu.ph

Ang mga mag-aaral at kawani ng JHS ay hinihikayat na magsuot ng kasuotang Pilipino sa Huwebes, Agosto 29.

- Kasuotang Pambabae - Baro at saya, patadyong, o simpleng terno; bakya or sandalyas
- Kasuotang Panlalaki - Barong Tagalog o kamisa de chino; pantalon; bandana; sapatos o sandalyas

Magtatanghal ng mga pinakamahusay na manamit mula sa mga mag-aaral at kawani. Pinaaalahanan ang mga mag-aaral na iwasang bumili ng mga mamahaling kasuotan. Ang lahat ng kasuotan ay nararapat na naaayon sa mga pamantayan ng paaralan sa wastong pananamit. Inaasahan ang lahat ng mag-aaral na sumunod sa mga pamantayan.

Ang lahat ay inaanyayahang makilahok sa mga nasabing gawain. Lubos ang aming paunang pasasalamat sa inyong pagsuporta at pangtangkilik sa mga gawain ng JHS upang ipagdiwang ang Buwan ng Wika.

Pagpalain tayong lahat ng Panginoon. Maraming salamat.



25 Doña Hemady Ave., cor. 3rd St., New Manila, Quezon City, 1112 · Tel.: 724-8550
·1603–1607 E. Rodriguez Sr. Ave., Cubao, Quezon City, 1109 · Tel.: 724 – 0143 · http://www.jca.edu.ph